



Punta tayo sa library! (1)

Tiyak masisiyahan kayo!

Kung interesado kayo sa kultura at turismo ng Japan, o naghahanap ng libro na mababasa sa inyong wika o kaya naghahanap kayo ng lugar kung saan maaring dalhin ang inyong mga anak, ang library ay isang ideal na lugar. Sa isyung ito ay tatalakayin natin ang mga libraries ng Fujimino-shi Kamifukuoka Library, Fujimi-shi Central Library at Miyoshi-machi Central Library.

■ Fujimino-shi

Malapit sa Chuo Park, ang Fujimino-shi Kamifukuoka Library na may 2 palapag ay may humigit kumulang na 394,000 na mga libro, magazines, at mga videos na maaring magamit. Ang pamplleta ukol sa paggamit ay nakasalin sa Ingles at ang "Pointing Guide Board" ay nakasalin sa 7 mga banyagang wika.

Aabot sa mahigit 1,500 ang mga nobela at mga artikulo na nakasulat sa iba'ibang wika para sa matatanda at may 800 picture books at mga babasahin para sa mga bata. Ang ilang mga magazine at picture book para sa mga bata ay nakasulat sa iba't ibang wika,

at ang ilan ay nakasulat sa simpleng Japanese. Sa library na ito, maaari kang gumamit ng computer upang maghanap sa Ingles, kaya kahit na ang mga hindi nakakaintindi ng Japanese ay magagamit ito.

■ Fujimi-shi

Ang Fujimi City Central Library ay may humigit-kumulang 850 na mga libro sa mga wikang banyaga. Ito ay parte na may label na "Mga Aklat sa Wikang Banyaga". 80% ay nasa English, 20% ay nasa Korean, at may ilang mga libro sa Chinese, Portuguese, at French. May mga libro ni Haruki Murakami para sa matanda, ngunit ang karamihan ay mga librong pambata gaya ng "Harry Potter" at "Anne of Green Gables", 20% ng kabuuan ay mga picture books.

■ Miyoshi-machi

Ang Miyoshi-machi Central Library ay may humigit-kumulang 600 na mga banyagang libro para sa matanda at bata. Karamihan sa mga libro ay nasa English, ngunit mayroon ding Chinese at Korean picture books. Bagama't konti pa lang ang bilang ng mga banyagang libro, mayroon ding LL na mga libro o " Easy Reading Books ".



Library	Lugar	Araw na sarado
Fujimino City Kamifukuoka Library 049-262-3710	15min. lakad mula sa Kamifukuoka Station East Exit	Ika-3 na Lunes ng buwan (at mga pista opisyal na mga araw) Mga araw sa pagtatapos ng taon at pagsimula ng taon
Fujimi City Central Library 049-252-5825	20 min. lakad mula sa Tsuruse Station East Exit o sumakay ng bus (5 min.)	Lunes (kung mataong pista opisyal ang Lunes, sa araw ng Martes ay sarado Mga araw sa pagtatapos ng taon at pagsimula ng taon
Miyoshi Town Central Library 049-258-6464	18 min. lakad mula sa Tsuruse Station West Exit	Lunes at huling araw ng buwan (bukas ng Sabado at Linggo) Mga araw sa pagtatapos ng taon at pagsimula ng taon



■ Punta tayo sa library! (2)

Sa isyu ng buwan ng Mayo ng "Information Fujimino" ay tatalakayin pa din ang iba pang detalye ng mga libraries sa ating lugar.



Dahil sa aking trabaho kailangan kong lumipat ng tirahan. Paano ako makakahanap ng apt. na malapit sa aking pinagtatrabahuhan? Ano ang mga dapat gawin sa paglilipat ng tirahan?

Karaniwan ang paghahanap ng mauupahan ay sa pamamagitan ng real estate agency. Kung titingnan mo ang website ng isang real estate agency, makikita mo ang listahan ng mga paupahang lugar. Ang real estate company ang mag-aasikaso ng lahat, ang proseso ng kontrata ng pag-upa sa may-ari ng apt. at iba pa. Ang isa pang maaring pagpilian ay ang public housing kung matutugunan mo ang mga requirements. Sa Saitama prefectural housing ay maaring mag-aply sa mga buwan ng Enero, Abril, Hulyo, at Oktubre. Kapag nakapagpasya ka na lilipatang tirahan kailangan mong pumunta sa city hall kung saan ka nakatira sa kasalukuyan para mag sumite ng "Notipikasyon ng paglipat at paglabas ng syudad". At sa paglipat sa bagong tirahan dalhin ang sertipiko na tinanggap sa city hall ng dating tirahan at magtungo sa city hall ng bagong tirahan at ipasa ito kasabay ng paggawa ng "Notipikasyon ng paglipat at pagpasok sa syudad". Ang bagong address ay isusulat nila sa likod ng iyong residence card. Kung hindi ka magsusumite ng "Notipikasyon sa paglipat at pagpasok sa syudad" sa loob ng 14 araw mula ng lumipat ka sa bagong tirahan, maari kang pagmultahin ng hanggang 50,000 yen!

Tingnan natin ang cherry blossoms sa ating lugar!

Fujimino-shi

❁ Oi Benten no Mori

Ito ay kilala sa magandang tanawin ng cherry blossoms ganun din ang katabing Higashihara Water Park. May promenade o daanan kung saan ang mga tao ay maaring maglakad habang pinapanood ang mga cherry blossoms.



❁ Fukuoka Central Park

Malalakad ng 5 min mula Kamifukuoka Stn ang Fukuoka Chuo Park. May bilang na 100 cherry trees ang nakatanim sa loob ng parke at maraming tao ang pumupunta dito sa panahon ng tagsibol ng cherry blossoms.

Miyoshi-machi

❁ Sa harapan ng Miyoshi Town Hall

Ang nakahanay na mga puno ng cherry blossoms sa harap ng Miyoshi Town Hall ay isang napakagandang tanawin.

Ang mga Someiyoshino cherry trees na itanim noong taon ng 1987 ay namumulaklak tuwing tagsibol. Isa itong sikat na lugar sa bayan kung saan bumibisita ang maraming tagahanga ng cherry blossoms.



Ang cherry blossoms ay kasingkahulugan ng tagsibol sa Japan. Ito ay panahon ng panonood ng cherry blossoms. Makakakita ka ng magagandang cherry blossom sa iba't ibang lugar sa Fujimino City, Fujimi City, at Miyoshi Town.

Ang FICEC staff ay magpapakilala ng mga inirerekomendang lugar.

Fujimi-shi

❁ Yamazaki Park

Sa mga gustong ma-enjoy ang cherry blossoms ng maaga, inirerekomenda namin ang Kawazu cherry blossoms sa Yamazaki Park na may 300m ang haba ng hanay ng mga cherry trees. Namumulaklak ang Kawazu cherry blossoms mula sa huling bahagi ng Pebrero hanggang kalagitnaan ng Marso.

❁ Sunagawa Bori


Isang hilera ng mga puno ng cherry blossoms na umaabot ng mga 1 km mula sa paligid ng Katsuse Elem. School hanggang sa school lunch center. Ang cherry blossoms sa iyong harapan ay parang isang tunnel at kaaya-aya ding maglakad sa tabi ng ilog.



3/5

Café FICEC

Only English café



Ang English Café ay tuwing ika-1 na Linggo ng buwan, 2:00 pm. Makisaya tayo at makipag-usap gamit ang English sa loob ng 90 minuto habang umiinom ng tsa. Sali na at magkaroon ng bagong mga kaibigan!

- Kailan: Marso 5 (Linggo) 14:00-15:30
- Tumawag sa: 049-256-4290

3/7

Pag-aaral ng PC sa FICEC

Matutunan mo ang paggamit ng Word at Excel, at basic computer skills na kailangan sa trabaho.

* Magdala ng laptop computer. Mas madali ang pag-aaral kung marunong ng Nihongo.

■ Bayad: 300 yen per session

■ Kailan: Marso 7 (Martes)

10:30~12:00. Ang klase ay 1 o 2

beses sa isang buwan

■ Tumawag sa : 049-256-4290

